UNANG LINGGO NG ADBIYENTO – TAON B

Is 63:16b–17, 19b; 64:2–7; 1 Cor 1:3–9; Mk 13:33–37

“MAGBANTAY KAYO – PARITO KA, PANGINOONG HESUS!”

PANIMULA

Minsan, tinanong ng isang bantay ng parola ang kanyang batang katulong kung bakit napakatagal niyang nililinis ang ilawan ng parola gayong kalmado ang dagat at walang barkong natatanaw. Sumagot ang binata, “Dahil hindi ko alam kung kailan mangangailangan ng liwanag ang isang barko. Tungkulin kong panatilihin itong nagniningas!”

Ngayon ay sinisimulan natin ang bagong taon ng liturhiya sa Unang Linggo ng Adbiyento. Inaanyayahan tayo ng Simbahan hindi lamang na bilangin ang mga araw hanggang Pasko, kundi ihanda ang ating sarili sa pagdating ni Kristo. Tulad ng bantay ng parola, kailangan nating panatilihing nagniningas ang ilaw ng pananampalataya, kahit na tila tahimik ang buhay at mukhang normal ang lahat.

Tatlong mahahalagang mensahe ang ibinibigay sa atin ng mga pagbasa ngayon:

- Ang unang pagbasa, mula kay Isaias, ay nagpapahayag ng malalim na pananabik ng sangkatauhan sa Diyos at nagpapaalala sa atin na tayo ay putik sa mga kamay ng banal na Magpapalayok, na kayang hubugin muli ang ating buhay.
- Ang ikalawang pagbasa, mula kay San Pablo, ay tumitiyak sa atin na ang Diyos ay tapat at palalakasin Niya tayo habang hinihintay natin ang pagpapahayag ni Hesukristo.
- Sa Ebanghelyo, iniuutos sa atin ni Hesus na manatiling gising at mapagbantay, sapagkat hindi natin alam kung kailan babalik ang may-ari ng bahay.

Inaanyayahan tayo ng mga pagbasang ito na simulan ang Adbiyento nang may panibagong pag-asa, mas malalim na pananampalataya at tunay na pagbabalik-loob. Hindi pa

tapos ang Diyos sa atin; kaya ng Kanyang biyaya na buhaying muli ang nanlamig sa pananampalataya, pagalingin ang nasugatan at baguhin ang nagkamali. Sa ating pagpasok sa banal na panahong ito, tanungin natin ang ating sarili: Maliwanag pa bang nagniningas ang liwanag ni Kristo sa ating mga puso? Mapagmasid ba tayo sa presensya ng Diyos at sa mga pangangailangan ng mga nasa paligid natin? O hinayaan na ba nating ang mga abala, sama ng loob at kawalang-malasakit ay magpatulog sa atin sa espiritu? Kilalanin natin ang ating mga pagkukulang, hingin ang awa ng Diyos at ihanda ang ating mga puso upang tanggapin ang Panginoong dumarating upang iligtas tayo.

HOMILIYA

PANIMULA – HINDI SAPAT ANG MAGHINTAY

Minsan, maagang dumating ang isang lalaki sa istasyon ng tren upang sumakay sa isang mahalagang biyahe. Dahil kampante siyang marami pa siyang oras, umupo siya,

binuklat ang kanyang dyaryo at nagsimulang magbasa. Narinig niya ang mga anunsyo sa loudspeaker ngunit hindi niya gaanong pinansin. Nang sa wakas ay tumingala siya, nakaalis na pala ang kanyang tren!

Nagreklamo siya sa opisyal ng istasyon: “Bakit walang gumising sa akin? Naghihintay ako sa aking tren!” Sumagot ang opisyal: “Ginoo, naghihintay nga kayo sa inyong tren, pero hindi kayo nagbabantay dito!”

Mga minamahal kong kapatid, malaki ang pagkakaiba ng paghihintay at pagbabantay. Maaari tayong umaasa sa isang mahalagang bagay ngunit malampasan pa rin ito dahil abala ang ating isip. Kaya sinasabi sa atin ni Hesus

ngayon: “Mag-ingat kayo! Magbantay kayo!” Ang Adbiyento ay hindi lamang paghihintay sa Pasko; ito ay pagiging sapat na gising upang makilala si Kristo sa Kanyang pagdating.

1. ADBIYENTO – PAGHAHANDA NG LUGAR PARA KAY HESUS

Ngayon ay sinisimulan natin ang bagong taon ng liturhiya. Sinisimulan ng mundo ang bagong taon nito sa ingay at paputok; tahimik namang nagsisimula ang Simbahan, sa liwanag ng isang kandila ng Adbiyento. Nagdiriwang na ng Pasko ang mundo, ngunit inaanyayahan tayo ng Simbahan na magdahan-dahan, manahimik at makinig.

Maaari nating palamutian ang ating mga tahanan, maghanda ng masasarap na pagkain at bumili ng mga regalo, ngunit makalimutan namang ihanda ang pinakamahalagang lugar: ang ating mga puso.

Minsan, tinanong ng isang guro ang kanyang mga mag-aaral kung ano ang dapat nilang ihanda para sa Pasko. Sumagot ang mga bata, “Christmas tree!”, “Mga regalo!”, “Keyk pamasko!” Sinabi ng isang batang lalaki, “Kailangan po nating maghanda ng lugar para kay Hesus.” Nang itanong ng guro kung saan, sumagot siya, “Sa ating mga puso po. Kung hindi, wala pong matutuluyan si Hesus!”

Napakasimple ngunit napakalalim na sagot! Inaanyayahan tayo ng Adbiyento na magbigay ng puwang para kay Kristo sa pamamagitan ng pag-aalis ng sama ng loob, kapaitan, pagkamakasarili at anumang nagpapaabala sa atin nang labis upang mawalan ng panahon sa Diyos.

2. ANG ATING MALALIM NA PANANABIK SA DIYOS

Isipin ang mga magulang na naghihintay sa paliparan sa mga anak na umuuwi matapos ang maraming taon, o ang isang pamilyang naghihintay sa labas ng silid sa ospital na isinasagawa and operasyon para sa balita tungkol sa isang mahal sa buhay. Ipinapakita ng paghihintay kung gaano natin kalalim na kailangan ang taong ating hinihintay.

Ipinapaalala sa atin ng Adbiyento na sa ilalim ng lahat ng ating gawain at tagumpay, nananabik pa rin sa Diyos ang

ating mga puso. Napakagandang ipinahayag ito ni San Agustin: “Hindi mapakali ang aming mga puso hangga’t hindi ito nagpapahinga sa Iyo, O Diyos.”

Binibigyang-tinig ni Isaias ang pananabik na ito: “O, buksan Mo sana ang kalangitan at bumaba Ka!” Nanalangin ang mga unang Kristiyano: “Maranatha! Parito Ka, Panginoong Hesus!” Gawin natin itong ating panalangin ngayong Adbiyento—kapag tayo ay nag-aalala, kapag nahihirapan ang ating mga pamilya, kapag tayo ay nalulungkot, at tuwing kailangan natin ang presensya ng Diyos.

3. KAYANG DALHIN NG DIYOS ANG TAGSIBOL SA ATING TAGLAMIG

Tapat na nagsasalita si Isaias tungkol sa ating kalagayang espiritwal: “Tayong lahat ay nalanta na parang mga dahon.” Kung minsan, nagiging mekanikal ang ating panalangin, nag-uugat ang sama ng loob, o nagiging labis tayong abala kaya halos wala na tayong panahon para sa Diyos. Maaaring magkaroon ng taglamig sa espiritu.

Minsan, isang matandang puno ang mukhang patay na patay noong taglamig. May nagmungkahing putulin ito, ngunit sinabi ng hardinero, “Maghintay kayo. Hindi patay ang puno; naghihintay lamang ito ng tagsibol.” Pagdating ng tagsibol, sumulpot ang maliliit na luntiang usbong.

Iyan ay isang aral para sa atin. Hindi natin dapat husgahan nang padalos-dalos ang ating sarili o ang iba. Nakikita ng Diyos hindi lamang kung ano tayo ngayon, kundi kung ano ang magagawa sa atin ng Kanyang biyaya bukas. Hindi ang taglamig ang wakas ng kuwento. Posible pa ang tagsibol!

Nagpatuloy si Isaias sa isa pang magandang larawan: “Kami ang putik, at Ikaw ang aming magpapalayok.” Minsan, tinanong ng isang binata ang isang dalubhasang magpapalayok kung gaano katagal niyang ginawa ang isang magandang plorera. “Apatnapung taon,” sagot ng magpapalayok. Nagulat ang binata. Ipinaliwanag ng magpapalayok, “Apatnapung taon ang inabot bago ako naging uri ng taong kayang gumawa ng plorerang ito.”

Matiyagang hinuhubog tayo ng Diyos sa pamamagitan ng ating mga kagalakan, kabiguan at pakikibaka. Maaari nating labanan ang Kanyang mga kamay, ngunit inaanyayahan tayo ng Adbiyento na hayaan Siyang kumilos sa atin. Hindi pa tayo tapos; hindi pa tapos ang Diyos sa atin!

4. TAPAT ANG DIYOS – PANATILIHING NAGNINGAS ANG APOY

Pinalalakas ni San Pablo ang loob ng mga Kristiyano sa Corinto, sa kabila ng kanilang pagkakahati-hati at mga kahinaan: “Tapat ang Diyos.” Hindi pinawalang-bisa ng kanilang mga kabiguan ang biyaya ng Diyos, at gayundin ang sa atin.

Isipin ang isang piraso ng uling na inalis mula sa nagbabagang apoy. Di-magtatagal, lalamig ito. Ngunit kapag ibinalik ito sa gitna ng mga baga, muli itong magbabaga. Maaaring lumamig ang ating pananampalataya kapag lumalayo tayo sa panalangin, sa Eukaristiya at sa Salita ng Diyos. Ang pagbabalik sa Panginoon ay muling nagpapaningas ng apoy.

Ngayong Adbiyento, hayaan nating buhaying muli ni Kristo ang mga kaloob na maaaring humina sa atin: panalangin, kabaitan, habag, pagpapatawad at pananampalataya. Mas dakila ang katapatan ng Diyos kaysa sa ating mga kabiguan.

5. MAGBANTAY – KILALANIN SI KRISTO SA KAPWA

Puno ng mga babala ang ating mundo: binababalaan tayo ng mga sasakyan sa panganib, ng mga alarma sa sunog, at inaalerto tayo ng ating mga telepono sa mga mensahe. Ngunit hinihiling sa atin ni Hesus na suriin ang ating panloob na sistema ng babala. Napapansin ko ba kapag ako ay lumalayo sa Diyos, nakasasakit ng iba sa aking mga salita, o nagiging walang-malasakit sa pagdurusa ng kapwa?

Isang lalaki ang palaging nakakakita ng isang matandang babae sa bus tuwing umaga. Isang araw, mukhang lubhang malungkot ang babae. Sa halip na tumingin sa

kanyang telepono, tinanong niya ito, “Ginang, ayos lang po ba kayo?” Napaiyak ang babae. Kamamatay lamang ng kanyang asawa, at wala pa siyang nakakausap nang umagang iyon. Nagpasalamat siya: “Wala pang kumakausap sa akin ngayong araw.” Sinabi kalaunan ng lalaki, “Akala ko ako ang tumutulong sa kanya, ngunit siya ang nagturo sa akin kung ano ang ibig sabihin ng pagiging gising.”

Maaaring dumating si Kristo sa atin sa isang malungkot na kapitbahay, sa isang kapamilyang nangangailangan ng kapatawaran, o sa isang taong tahimik na nagdurusa. Dumarating Siya sa atin sa Eukaristiya at sa Kanyang Salita, ngunit dumarating din Siya sa mga nangangailangan ng ating pagmamahal. Ang pagbabantay ng isang Kristiyano ay nangangahulugan ng pagkilala sa Kanya sa mga karaniwang tao.

6. AKTIBONG PAGHIHINTAY – GAWIN ANG SUSUNOD NA HAKBANG

Hindi pasibo ang paghihintay sa Adbiyento. Sa Ebanghelyo, iniiwan ng panginoon ang kanyang mga lingkod na may pananagutan at inaasahang gagampanan ng bawat isa ang gawaing ipinagkatiwala sa kanila. Tayo rin ay dapat manatiling tapat habang hinihintay natin ang Panginoon.

Ang isang inang naghihintay sa kanyang anak na pauwi matapos ang mahabang pagkawalay ay hindi basta nakaupo nang walang ginagawa. Nililinis niya ang bahay, inihahanda ang paboritong pagkain ng anak at inaayos ang kanyang silid. Ang kanyang paghihintay ay ipinapahayag sa pamamagitan ng pagmamahal at pagkilos.

Kaya ang ating paghihintay kay Kristo ay dapat maging aktibo: nananalangin tayo, nagpapatawad, naglilingkod, nagpapalakas ng loob at umaaliw sa mga nagdurusa. Marahil ang susunod nating hakbang ngayong Adbiyento ay ang bumalik sa panalangin, mangumpisal, makipagkasundo sa isang tao, dalawin ang isang maysakit o tawagan ang isang taong nalulungkot. Hindi natin

kailangang lutasin ang lahat ngayon. Kailangan lamang nating gawin ang susunod na hakbang kasama si Kristo.

PANGWAKAS – ALAM NG AMA ANG DAAN

Isang batang babae ang naglalakbay kasama ang kanyang ama sa probinsya. Dumidilim na, at nagtanong siya, “Tatay, nakikita mo po ba ang daan?” Sumagot siya, “Oo, anak.” Pagkatapos ay nagtanong ulit ang bata, “Nakikita mo po ba ang daan hanggang sa ating bahay?” Ngumiti ang ama: “Hindi, mahal ko. Pero sapat ang nakikita ko sa daan upang ligtas tayong makarating doon.”

Lumapit ang batang babae sa kanya at sinabi, “Ayos lang po, Tatay. Hindi ko na po kailangang makita ang buong daan. Ang kailangan ko lang pong malaman ay kayo ang nagmamaneho.”

Mga minamahal kong kapatid, iyan ang pananampalataya. Hindi natin alam kung ano ang dadalhin ng bukas o ng darating na taon. Kung minsan, madilim ang daan, at maaaring hindi natin maunawaan ang ginagawa ng Diyos. Ngunit alam natin kung sino ang gumagabay sa atin. Alam ng ating Ama ang daan!

Simulan natin ang Adbiyento hindi nang may takot, kundi nang may pag-asa; hindi nang may pagkabalisa, kundi nang may pagtitiwala. Ihanda natin hindi lamang ang ating mga tahanan para sa Pasko, kundi ang ating mga puso para kay Kristo.

Nawa’y ito ang maging panalangin natin: “Maranatha! Parito Ka, Panginoong Hesus! Pumasok Ka sa aming mga tahanan, sa aming mga pamilya, sa aming mga sugatang ugnayan at sa aming mga puso. Sa Iyong pagdating, nawa’y matagpuan Mo kaming gising, mapagbantay, tapat at handang tumanggap sa Iyo.” Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr., Perth, WA**